# ANG HINDI MAIWASANG PATLANG

Paghiga sa Hangin : Pagdadalisay : Pag-aalay : Paglalangib : Pagtatanim : Pagpapantay : Pagitan : Pag-uulit : Pananatili (Reclining Woman VI ni Picasso) : Pagpapatawad

## PAGHIGA SA HANGIN
**Para kay Boni**

> *"San Juanico Bridge ang tawag kasi itong batok namin ay nakasandal sa tarima at ang paa naman ay nakapatong sa kabilang higaaan. Nakabitin kami sa hangin kaya San Juanico Bridge. Magtatanong sila. Kapag hindi nila gusto ang sagot, susuntukin ka sa tiyan. Bagsak. Pipilitin na naman naming humiga sa hangin hangga't hindi na kaya."*

Paaamuin mo ang iyong hininga hangga't
matutunan mong hubugin ang hangin. Ito ang

iyong pakay. Matagal mo nang sinasamba ang
mga ibong mandaragit dahil tiyak nila kung paano

sila masusugatan. Hindi nila kaibigan ang bilis at
talas ng sibat, kaya't sinasakyan nila ang ragasa

ng sigwa. Samantala, nakabitin sa alapaap ang
maliliit nating ginhawa: hinuhugot sa roleta,

sinasalat sa hindi binalasang baraha. Pauupuin
ba sa bloke ng yelo na waring turista sa Yakutsk

sa panahon ng taglamig? Iipitan ba ng sipit ang
mga daliri ng paang matagal nang hindi

nababagtas ang lansangan ng layaw? O
idadantay ang gulugod sa pumupulanggos na

kawalan? Mistulang tulay na tagahatid ng balita
sa inang nilalakad nang paluhod ang mga pasilyo

ng katedral. Mensahero ng pangako ng
pagbabalik sa bunsong pinipigilang bumungisngis

sa amba ng pansin. Nakahayhay ang bukas sa
dunggot ng ating hangos. Sa paghahanda'y

ihuhugis natin ang ating mga panalangin: paraw
mula sa papel, pindong mula sa mga dahon,

sagwan mula sa lambo ng punong lumilimlim sa
maliliit nating pagtakas. Dahil sa pagdating ng

unos, kung paano tayo sasaktan ay yaon din ang
ating pagkawala. Matututunan nating paamuin

ang anumang humuhulagpos. Matututunang
hubugin ang simoy ng hininga hangga't ito'y

kapitan ng lamad, balutin ng balat, at sa huli'y
maghugis-unan at isang lakdang mga ulap.

**PAGDADALISAY**
**Para kay Ferdinand**

> *"I can only apologize for myself and I am willing to do that if I have done something wrong. Judge me not by my ancestors but by my actions."*

May bugso ng usig ang pagkilala sa iyong uri. May
sundot sa tagiliran. Kalabit sa budhi. Hindi

madaling ibigin ang iyong pangalan. Samakatuwid,
humihingi ito ng paglilinis. Pipilasin mo ang

kasaysayan nang walang pag-inda sa espasyong
ang pahiwatig ay pagbubura. Yugto iyon ng hapis

at pagtunton sa bakas ng anumang mas tiyak
kaysa agwat—nisnis ng laylayan, libag sa sintas,

alibatang sumisilip sa lilim ng manggas, ilang
palamuti't baha-bahagi ng katawang ibinudbod sa

mga estero ng Maynila, liblib ng Quezon at ibang
lupalop kung saan maging ang bunganga ng hukay

ay binusalan ng takot. Tutungkabin ang mga
palatandaan nang may tangkang paglilihis.

Halimbawa: mga bantayog, mga arko, mga
rebultong marka sa mga kalsadang pinag-iisang

mukha ng takipsilim. Mga muson itong nagbabadya
ng pagkamalapit, samakatuwid: ng pagkahanap.

Idagdag pa ang mga palaso sa mapang
nagbibigay-sadya sa walang pakundangang

liwaliw. At ngayon: ang paghalili. Ibubulong sa
iyong bumbunan ang bago mong pangalan.

Guguhitan ang mukha ng mga matang ang tagiliran
ay hindi hinasa ng himagsikan. Ito ang layon: ang

paamuin ang mga kanto ng iyong panga hangga't
mapudpod ang talim ng iyong hikab. Bukas, ang

mga salita mo'y kusang bibigkasin ng ibang bibig.
Walang paalam. Iyong mas maluay pa sa

himaymay ng unang ubod. Hangga't maging ang
iyong ina ay pangimbabawan ng balaghan sa

pangitain ng binatang dati'y kabiyak-bunga ng
asawa. Hahalinhinan ang alamat ng iyong rangya.

Halimbawa: makailang-ulit na ililitanya ang gintong
gumagapang diumano sa mga dingding ng

palasyong hindi tao ang naghahari kundi ang poot.
Hangga't ito ay tumubo at magsanga sa dunggot

ng kung kani-kaninong dila. Hangga't maging
kasaysayan ang mga batong hiyas na inilahok sa

kalawakan ng lupang sinasakop sa pawang
pagtanaw. Noon pa, alam mong hindi sa ginto

nagkakanulo ang mga tuso. Sa wakas, ang ritwal
ng paghuhugas: Lalanggasin ang iyong kamay

hangga't mabanlawan ang alkitran ng mga obrero,
ang dugo ng mga guro na nangalirang sa mga

kuko, pati ang ligamgam ng huling hininga ng mga
dalagang binisaklat sa kuta ng inyong paghahari.

Ipagparaya mo sa ibang kamay ang pagdukot sa
kung saan-saang kublihan. Silang mistulang

himulmol na tinatangay sa pinakasulok ng hindi
maiwasang patlang. Silang tigatig na maratnang

lantad at pinagkaitan ng kutob. Sapagka't ang mga
kamay mo'y hinubog lamang para sa pagpapala.

Ito, kung gayon, ang hinihingi ng iyong pag-uwi:
ang patawarin ka sa kabila ng hindi pag-ako. Ang

yakapin ka nang ligtas sa halibas at tarak ng husga
sapagkat ang iyong pagbabalik ay pangako ng

paghilom. Tadhana mo raw ang maging diyos.
Heto, samakatuwid, ang iyong mga kapa, lawrel,

puting belo, korona, darabdab na baras—
sumisimbulo sa estadong kasingtayog ng mga

gusaling sumasalabid sa dati'y hubad na
papawirin. Sumisimbulo sa mga bagay na hindi

matumbasan ng salapi kaya't pinagbabayaran ng
gatol na hininga. At matapos ang pagdadalisay,

bubunutin mo ang iyong bagang, babatakin ang
daliri, huhunusin ang balat hangga't maging

karapatdapat sa napakailap na habag. Hangga't
unti-unti, baha-bahagi'y makahulagpos ka sa

sariling katawan, mabaltak ang ulirat sa laman,
at maglaho sa bingit ng lukso, ng luksa.

**PAG-AALAY**
**Para kay Rizalina**

> *"Nandito na rin lang. May bangkay. Kung aktibista 'yan, iwui na natin para mabigyan ng disenteng libing. Hindi man 'yan ang ating kapatid, parang ganun na rin ang ating idinaos para sa isang kapanalig."*

Burahin mo ang iyong mukha at makikilala ka
lamang sa iyong mga kapabayaan: tilamsik ng

mantika, salubsob sa daliri, paltos sa paa.
Pinapangalanan ng lapnos mong dila ang malilit

mong sakuna. Sa wakas, iibigin mo ang iyong
kapansanan na wari bang ito’y himulmol lamang

sa pagitan, gawak sa tagiliran, o ibang busisi ng
iyong kaibhan. Alam mong sa pagkawangis ay

walang pagkakataon ng pagkahanap. Masdan
at dito’y nagdadatingan ang mga katawang

walang pagkakakilanlan maliban sa mga
puwang. Halimbawa: sugat. Pangalawa:

pagkamulat. Susubukan ding kumilala sa lalim
ng singhap bago burahin ng hangin ang mga

hubog at salimuot ng pagsasatao. Kung gayo’y
pakinggan ang bulong ng mga buto: *Ang tao’y*

*pinaghihiwalay lamang ng kanilang*
*ipinaglalaban*. Aalayan mo ng rosas ang

kalansay ng kung kani-kaninong lihim dahil ano
nga bang kamatayan ang pusyaw at kulimlim?

Bakasakaling narito. Bakasakaling isa sa mga
butong naghihintay ng pag-ako. Sasagutin ka

ng kapayapaan ng abo: *Ang pagbabakasakali*
*mo’y katiyakan.* Dahil kung binibigkis ng

katuwang na pananalig, iniluwal tayo
samakatuwid mula sa iisang pag-ibig.

**PAGLALANGIB**
**Para kay Nanay**

> ***"****Bibisitahin sana namin ang kapatid ko sa Camp Olivas sa Pampanga. Pero bawal. Kahit saglit lang, hindi raw pwede. Bantay-sarado ang kampo. Ipinagtabuyan kami hangga't madisgrasya kami sa daan pauwi."*

Sapagkat nagbalantukan kaya't hindi bumabalot
ang langib ng pagkaligta. Nakaukit ang

kasaysayan sa iyong talampakan: heograpiya ng
bayang sinasaklaw ng tagtuyot. Waring pulong

sumulpot kung saan natigang ang dalawang
dekadang pagbalong. Waring talukap na

pumapalibot sa nangingilid na daluyong.
Sapagka't sa talampakan humiwa ang

kasaysayan, sinasabi mong nangibang-bayan ka
sa sarili mong isla. Ipinadpad kang mistulang

ligaw na manlalayag ngunit paanong hindi mo
nasakop ang iyong takot? Bahagi ito ng iyong

pagbangon: ang rituwal ng pagyukod upang
hagilapin ang sapin sa paang natapyas sa

pagkukumahog. Ang seremonyas ng pungas: ang
pagtitig sa mga paang hindi magkasukat,

palatandaan ng parehong pagkukulang at
pagmamalabis. Narito ang katarungan sa iyong

mga paa: tagibang, umaalingasaw sa alipunga.
Kapahamakan itong pinagmumulan ng samu't

sari mong dinaramdam—pamimintog ng mga
ugat na waring galamay sa kahabaan ng butik at

lulod, pagbalong ng tubig sa talukap ng mga
tuhod, pangangalay ng kasu-kasuang sinukuan

na ng mga litid, pagsuray ng iyong tindig. Dito
napapatotohanan ang sinaunang karunungan:

Ang talampakan, bilang pundasyon ng balanse,
ang pinagbubukalan ng lahat ng kahinaan.

Babangon ka, mabuway, walang pagmumuang sa
anumang pagkapantay-pantay. Sa kaliwa’y may

mga kuwadrong nakatabingi sa dingding, doon
ang balikong hagdanan, at sa bintana'y may

nababalangkas na palasyong kay tagal nang
yumuyuko ngunit hindi umuusal ng pag-ako.

**PAGTATANIM**
**Para kay Tito Henry**

> *“Walang awa ang mga militar at pulis. Naaalala ko ‘yung mararahas na rally dispersals. Tinitira kami ng water cannon at tear gas. Pinupukpok ang mga kasama namin at kinakaladkad sa kulungan.”*

Pasasaan pa’t hindi mo lamang susukatin ang layo
ng iyong tingin dahil pagpapasiyahan mong

taluntunin ang dinidili ng iyong isip. Kung gayo’y
habulin mo ang pinagbubukalan ng iyong buntung-

hininga. Gawing gawaing-bahay ang
pagbubungkal. Araw-arawin. Kung maaari’y sa

pagitan ng alas-tres at pagsipol ng dapit-hapong
hangin. Hukayin mo ang lupa sa bisperas, undas,

hangga’t mamarkahan ang lahat ng mga parisukat
sa kalendaryo ng iyong pagkakandarapa. Hawiin

mo ang lamang-loob ng mundo, mga balanggot,
mga ugat na naghihimutok, mga palumpong ng

talbos na nakaligtaang ipunla. Hangga't kalaunan
ay dumating ka sa ngala-ngala ng lupa. Bibigyang

linaw ng putik ang uhaw ng iyong uri. Sa tuluyang
pagpanaog ay maaarok mo ang talinghaga ng

iyong kaibuturan. Dito kung saan ang metapora ng
sikmura ay napagkakalooban ng kahulugan,

maliban sa pagkalam. Halimbawa: *balasik*. Isa pa’y
*talaghay*: kakayahang hakbangin ang nawawalang

mga baitang ng gulugod na nabitak sa maliliit mong
digmaan. Saglit pa’y dadaong ka sa kadulu-

duluhang sisidlan ng mga lihim at kasalanan. Dito’y
iindahin mo ang baltak ng grabidad at hahabulin

ang hininga sa makipot na talundas ng pangingiling
ipinagkakait ng mga diyos. Dito sa hindi maarok na

pusod ng luad, isasabog mo ang binhi ng iyong
hilakbot. Ganito kalalim. Ganito magtanim ng poot.

**PAGPAPANTAY**
**Para kay Remedios**

> *"People say I'm extravagant because I want to be surrounded by beauty. But tell me, who wants to be surrounded by garbage?"*

Kanya-kanya tayo ng kilapsaw na pinatitining, ng
gusot na pinapantay. Sa iyo: ang mukha.

Partikular: ang kutis. Papantayin ng espongha't
brotsa ang mga pekas sa iyong pisngi, mga

kulubot sa noo, ilang kadalangan, hindi mabilang
na kalabisan. Palibhasa'y ganito ang anyo ng mga

salta: pantay, perpekto, eksakto. Palibhasa'y
gamay sa sutlang nagmula sa probinsya ng

Jiangsu kaya't mistulang pinulidong seramiko. Sa
ganitong kapantayan ka papanaog ng palasyo at

sasalubong sa mga kalsadang hinahawi ng
nagtatayugang dingding, miyural, sagadsad na

hanay ng mga poste, nagkakapalang lambong ng
mga puno. Muog itong sumasaplot sa latag ng

mga barung-barong sa tagiliran, pinagpatung-
patong na palapag ng dalit, kung saan ang pinsala

ay hindi napagkakalooban ng katarungan.
Pinapantay lamang: guwantes para sa masong

naputulan ng daliri sa asukarera. Bota para sa
magsasakang nagutay ang sakong sa boga. Ang

anumang kapahamakan ay sinasaplutan at
pagkaraka'y kinakalimutan—kabuktutang pilit na

hinahawi ng iyong pagsusulimpat. Tinatabingan ito
ng kilo-kilometrong dingding na kumakalos sa mga

kalagpasan sa guhit-tagpuan. Sumusukob sa mga
anino ng gulong at arinolang nagbubuklod sa

luganit na bubungan ngunit sa gabi'y kusang
humihigit-sumusungki sa hindi-kalayuang hantaran.

**PAGITAN**
**Para sa pinsan kong si Estrella**

> *"The military would lock me up and my brother in a small, dark and dingy room overnight, crying in pain. During the morning, our father would see us with our eyes swollen, my brother invariably losing his voice and our skin peppered with mosquito bites. Until now, I shudder at the sound of steel gates closing."*

Hindi ba't sa pagitan ng pagbuka(s) at pagsara
ay mga salita? O lagaslas? O mga yabag?

Tingnan at sa agwat, sumisilip sa tubig ang mga
salugsog ng liwanag. Tingnan at sa pagitan ng

mga gasang, bumibintog ang perlas. Sa
kalahating pisngi ng dagat naroon ang puwang

ng kaganapan, ngunit bakit dito'y katahimikan?
Humuhupa ang pagkampay ng balayong na

waring sa pagkagulantang. Tumitigil ang
pagsubo ng nabilad na buhangin at ang

paghinga ng nasalabid na lusak. Ang mga
naulila'y napaghihinuhang estatwa ng batis, mga

rebulto sa kulimlim na lungib. Ngunit paanong sa
pagtigil at pananatili ay hindi sila naging obra ng

mga bathala? Bagkus: tagatanghod, dinaratnan
ng mga pumalaot, at sa katahimika'y tagaulinig

sa pinaka-impit na halinghing ng tubig.
Manibalang ang mga bungang inaanod sa

baybayin at nag-aagaw alat ang dati'y
matatabang na tilabsik. Gigisingin nito ang

kabiyak ng sariling alimpungat. Ngunit hindi
nagkukusot ng mata ang dalahik. Nakatupi

lamang ang mga inanod na layag at
nakabalunton ang mga lambat sa paghihintay sa

pagsasara ng tubig. At habang ang mga hasang
ng dagat ay patuloy sa pagbuka, iisipin natin

kung ang napakatagal na pagtikom ay pahiwatig
ng paglaya o walang katapusang pagdurusa.

**PAG-UULIT**
**Para sa kasaysayan**

> *"Don't confuse history and chismis. History may have bias, but it is based on fact, not opinion. Real history is about truth, not lies, not fiction." –Ambeth Ocampo, Historian*
>
> *"You are on the wrong side of history if you act as an apparatus to distort it." –Rep. Raoul Manuel*

Paanong tinimbang ka sa kasalanan ng pag-uulit?
Gayong hindi ka dalumat ng pag-ibig na

humahaway at sinasandok sa hangin upang
bigyang kulay ang sarswelang makailang-ulit nang

naitanghal sa hapon. O gulong ng kalesang
gumagasgas sa gaspang ng iskombrong tinadtad

ng digmaan sa Maynila. Hindi ka putaheng
buwanan nang nakatapal sa pisngi ng sinaing na

ang ngala-ngala ay nabilaukan sa pagsubo. Maging
kabiyak na sa umpisa'y gantimpalang dilag sa

undayan ng balisong at pagkalabit sa gatilyo ng
mabalasik nilang pagkahaling. Tumbok ng haranang

hindi lamang panunuyo kung hindi'y amba sa mga
nalupig na karibal. Samantalang ngayo'y

pinananagot sa kamatayan ng panglasa.
Samakatuwid, ang hatol ay ang pagsisilid: mistulang

kamisong namughaw, salawal, mga negatibo't
larawan ng kasibulan, plaka't ponograpong

pinagmumulan ng umagang kundiman, naninilaw na
peryodiko, at pira-piraso ng marubdob na mga

liham. Ika'y wala kundi burloloy na tagapagpaapaw
sa buslo ng pinagsama-samang pagdanas.

Hinuhulmang sandalyas, tinatabas na bestida,
pinupungos na patilya—tangkay na niyayanig ng

hangin sa paghahalip ng panahon. Inililigaw ka sa
mga abenidang nagpalit na ng pangalan, mga

lagusang silong para sa mga inang nalimutan na
ang sikdo ng antala, hinugpungan ng tulay na

pangalawang palapag sa bayang ninakawan ng
sariling lupa. Silang hindi saksi ang titimbang sa iyo,

dahil ang nais nila ay yaong nagbabago at ikaw ang
karunungang palagi at walang-hanggang patuloy.

**PANANATILI: RECLINING WOMAN VI NI PICASSO**
**Para kay Imelda**

> *"The unexpected appearance of the nude in blues and greens reclining on an orange and yellow bed has added to fears the family will use its now-increased power to brazenly further stifle efforts to recover ill-gotten wealth." –The Guardian*
>
> *"Paintings and shoes threaten to shroud the wretched realities of the era. International fascination likely stems from 'Picasso' as an easy signifier of luxury art, with several outlets proclaiming the painting to be likely worth $150 million." –Art Review*

Panahunang panghinaharap ang sabihing
*magbabalik* kaya't paanong sa nakalipas na mga

taon ay naapuhap ang mga marka ng inyong
kamay? May mga bakas ng daliri sa seradurang

naghahatid sa pasilyo ng pagpapasinaya. Mga
limbag ng palad sa ginintuang kobyertos at mga

kopitang minarkahan ng halik ang tagilirang
bunganga. Narito sa lamesa ang nagsesebo

ninyong dila. Kung lumisan ay kaninong anino ang
namataang naninigarilyo at umiindayog sa saliw

ng cariñosa't pandanggo? Kaninong multo ang
nagyakag sa mga sirkero? Hindi ba't naghunos

lamang ng kaliskis ang mga kapural, nagkayas ng
krisalis, nagsapugita't tinubuan ng mga galamay?

Narito pa sa mga libreta ang tinta ng inyong
pangingialam. Sa bukana'y gumagalapayod ang

payasong malaon nang nagpaunlak sa hamon ng
paninindak. Maging ang berdugo ay pagal nang

naghahagis ng punyal sa mga aliping
nangakagapos ang paa't kamay sa gumugulong

nilang kapalaran. Samantala, namamaypay ang
pangitain sa pisngi ng balostre at tumutungga ng

serbesa upang ipagbunyi ang ganitong rimarim.
Ang inyong presensya ay hindi pagbabalik, kundi'y

pananatili: himaymay ng napunit na husi, bakas ng
takong, sangsang ng hiningang nagsahamog sa

basag na mukha ng pasimano. Masdan mo't sa
bulwagan ay nilambungan ka ng salamangkero at

sa malikmata'y ikinahon sa dingding upang
mahatulang imortal: nakahilig, nakangisi, naglilibang.

**PAGPAPATAWAD**
**Para sa mga desaparesidos**

> *"Sana'y may operasyon din na magbubura ng masasakit na alaala sa utak at puso ng tao. Iyong magtatanggal sa parte ng utak at puso na sisidlan ng mga gunitang dapat nang kalimutan." -Lualhati Bautista, Desaparesidos*

Hindi napansin ang pagbabadya ng mga kabkab,
ang paglikas ng mga balang, o ang mukha sa

paanan ng nalabsaw na kandila. Hindi nahalata
ang pagkatulak sa tibong o pagkahawi sa laylayan

ng talampas. Paanong nakalampas gayong hindi
ito ang panahon ng pagkalingat? Pupulutin namin

ang mga uhay, bubog, piranggot ng alalaala
n'yong nahulog sa talampakan ng mga diyos.

Halimbawa: mga nalagot na porselas, mugmog ng
tinapay, mga salubsob ng palayok sa inyong

mumunting pagdadakila. Naririnig ko pa ang
ugong mula sa umilandang na kwerdas ng inyong

gitara. Umaalingawngaw pa sa hangganan ang
nalagot ninyong hininga. Titipunin namin itong

mga bunga ng inyong pagkarapa, mga sinapit ng
paghahati't pagkapigtal ng mga bagay na kung

buo'y waldas. Tatahiin ang mga butil na waring
mga salita. Hangga't maging katagang ilalatag

kasama ang kasalanan ng paghahaya. Hangga't
mangusap na waring paumanhing pinaunlakan

ang pagpaparami, kung kaya't nagsanglaksa,
nagsangipin at tinubuan ng nagkikibutang mga labi.

[END]